

# Ota City Navigation



## Maghanda para sa sakuna

Ito ang panahon kung kailan ulan nang husto. Gayundin, maraming lindol ang naganap kamakailan. Magpapakilala kami ng mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna ng Ota-ku na makakatulong kapag may emerhensiya. Maaaring malaman kung ano ang mga dapat gawin kapag may lindol, bagyo, atbp.

### Ota City Disaster Prevention Application

Mabilis makakakuha ng mga impormasyon na ipapadala ng Ota-ku, atbp kapag may lindol o pinsala sanhi ng bagyo at baha. Maaaring makumpirma ang mga impormasyon sa paglikas at mga evacuation shelter.



Mga sinusuportahang wika

Hapon, Ingles, Hangul, at Intsik



### Ota City Disaster Prevention Portal Website

Maaari ding makumpirma sa website ang mga nilalaman na ipapadala sa Ota City Disaster Prevention Application

Mga sinusuportahang wika

Hapon, Ingles, Hangul, at Intsik



### Our Home Disaster Prevention Checkbook

Ipapakilala ang mga hakbang sa pag-iwas sa sakuna na nais naming inyong gawin sa inyong tahanan. Mangyaring suriin kung gaano karaming hakbang sa pag-iwas sa sakuna ang inyong nagawa at gamitin ito sa pang-araw-araw na paghahanda.

Mga sinusuportahang wika

Hapon, Ingles, Intsik

Mga lugar kung saan ito ipinamamahagi



Disaster Preparation and Crisis Management Division, City Policy Information Center, mga Branch Office



### Mail service sa kaligtasan at seguridad ng mga residente

Magpapadala kami ng mga impormasyon sa email tungkol sa panahon, lindol at tsunami sa mga nagparehistro.

Mga sinusuportahang wika

Ingles, Intsik, Hangul, Tagalog



Magpapakilala din kami ng mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na makakatulong sa mga dayuhan sa website ng Internationalization and Multiculturalism Promotion Division at Global City Ota Cooperation Association. Mangyaring tingnan ito.

Website ng Internationalization and Multiculturalism Promotion Division



Website ng Global City Ota Cooperation Association



# Paunawa tungkol sa current status report ng allowance para sa bata (*jidou-teate*), regular na pag-deposito para sa Hunyo, atbp.

## Tungkol sa current status report

Sa Hunyo bawat taon, kinakailangang magsumite ng current status report upang patuloy na makatangap ng allowance para sa bata (*jidou-teate*), atbp, ngunit kung makukumpirma ito sa pampublikong tala, atbp, hindi na kailangan magsumite nito (kung kailangan ninyo magsumite ng current status report, magpapadala kami ng mail sa mga taong iyon).

## Petsa ng pag-deposit para sa Hunyo

Ide-deposit sa Hunyo 9 ang allowance para sa Pebrero hanggang Mayo 2022. Allowance para sa bata (*jidou-teate*) (Para sa mga kumikita ng mas mababa pa sa itinakdang kita)

Kategorya ng edad	Halaga ng pagbabayad (buwanang halaga)
Mababa sa 3 taong gulang (lahat)	15,000 yen
3 taong gulang o pataas bago makumpleto ang elementarya (Una at ikalawang anak)	10,000 yen
3 taong gulang o pataas bago makumpleto ang elementarya (Ikatlo o pagkatapos na anak)	15,000 yen
Estudyante sa junior high school (Hanggang unang Marso 31 matapos ang kanilang ika-15 na kaarawan) (lahat)	10,000 yen

Espesyal na allowance (Para sa mga kumikita ng mas mataas pa sa itinakdang kita)

Walang kategorya ng edad (lahat) ...5,000 yen kada buwan

## Makipag-ugnay sa

Medical Care for Children  
Childcare Support Division  
☎ 03-5744-1275  
FAX 03-5744-1525  
E-mail  
t-kod-ko@city.ota.tokyo.jp



# Tungkol sa pagbabayad ng residence tax

Ang unang deadline para sa pagbabayad ng special city residence tax at metropolitan residence tax ay sa Hunyo 30. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Ang pangalawang deadline para pagbabayad ay sa Agosto 31. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota-ku.

## Makipag-ugnay sa

Tax Payment Division  
☎ 03-5744-1205



# Mag-apply para sa pagkuha ng katayuan ng paninirahan kapag ipinanganak ang inyong sanggol

Kapag ipinanganak ang inyong sanggol sa Japan at napapailalim sa mga sumusunod, kailangan mag-apply para sa katayuan ng paninirahan sa Tokyo Regional Immigration Bureau sa loob ng 30 araw mula sa araw ng kapanganakan.

- Ang nasyonalidad ng sanggol ay hindi Hapon
- Mananatili ng 60 araw o higit pa mula nang ipinanganak



## Makipag-ugnay sa

Household Residents  
Registry Division  
☎ 03-5744-1187  
FAX 03-5744-1513

Lugar na tumatangap

Tokyo Regional Immigration Bureau 5-5-30 Konan, Minato-ku, Tokyo

☎ 0570-034259

# Tungkol sa pag-isyu ng tax certificate para sa piskal na taong 2022

Maaaring mag-isyu ng (non) tax at tax payment certificate ng residence certificate (special city residence tax at metropolitan residence tax).

Ang mga taong maaaring mag-isyu ng tax certificate (certificate ng kita sa piskal na taong 2021) para sa bagong piskal na taon ay ang mga taong naninirahan sa Ota-ku at nag file ng tax return noong Enero 1, 2022.

## Mga kailangang bagay

Kapag pupunta ang indibidwal sa tanggapan

- Bagay na maaaring magpatunay ng pagkakakilanlan (residence card, atbp.)

Kapag ibang tao ang pupunta sa tanggapan

- Power of Attorney (kung ito ay nakasulat sa wika maliban sa Hapon, kailangan ng salin nito sa wikang Hapon)
- Bagay na maaaring magpatunay ng pagkakakilanlan ng indibidwal na pupunta sa tanggapan

\*Maaari ninyong i-print mula sa website ang papel ng power of attorney



## 【Mga bagay na dapat isaisip】

Mangyaring isulat ang pangalan ng nagbigay ng awtorisasyon sa pamamagitan ng kamay

## 【Lugar kung saan maaaring mag-isyu】

- Ika-4 palapag ng Ota City Office
- Mga Branch Office, atbp.

Kapag hindi ninyo alam o kapag hindi kayo makakuha ng certificate, mangyaring magtanong sa tanggapan

## Kailan

Mula Hunyo 10, 2022

## Makipag-ugnay sa

Taxation Division  
☎ 03-5744-1192



# Impormasyon tungkol sa tanggapan para sa konsultasyon tungkol sa edukasyon

Nagbibigay kami ng konsultasyon tungkol sa edukasyon ng bata

- Mga alalahanin sa edukasyon, personalidad, at pag-uugali at kapansanan sa pag-unlad ng bata
- Mga alalahanin sa pamumuhay tulad ng “pambu-bully” at pakikipagkaibigan at mga alalahanin sa pag-aaral at karera



## Para kanino

- Mga bata/estudyante at kanilang magulang/tagapag-alaga na naninirahan sa Ota-ku hanggang sa dulo ng compulsory education
- Mga bata/estudyante na nais dumalo sa klase sa Tsubasa

## Paano kumonsulta

- Mangyaring tumawag muna para sa aplikasyon at mag-iskedyul ng araw ng inyong pagpunta.
- Tumatanggap din kami ng konsultasyon sa telepono anumang oras.
- \*Mangyaring makipag-ugnay sa amin sa pamamagitan ng tulong ng taong nakakaintindi ng wikang Hapon. Gayundin, kung kailangan ng tagasalin, mangyaring maagang makipag-ugnay sa amin.

## Araw at oras ng konsultasyon

Lunes - Biyernes: 9:00 am - 7:00 pm  
Sabado at Linggo: 9:00 am - 5:00 pm  
\*Walang opisina tuwing pista opisyal at katapusan at simula ng taon

## Makipag-ugnay sa

Ota City Educational Center, Educational Consultation Office  
☎ 03-5748-1201 FAX 03-5748-1390

# “Delivering Picture Books (*Ehon wo Todokeru Undo*)” workshop



Ito ay isang workshop kung saan matututunan ang tungkol sa kapaligiran sa pagbabasa ng mga bata mula sa mga umuunlad na bansa at ang mga kasalukuyang sitwasyon ng mga umuunlad na bansa sa pamamagitan ng video, at aktwal na maranasan ang mga gawain ng paglakip ng mga sticker ng pagsasalin sa mga larawang-aklat ng Hapon at ipadala ang mga ito sa mga umuunlad na bansa. Ang kahit na sino ay maaaring lumahok kung sila ay may kakayahan sa pagbasa ng larawang-aklat ng Hapon sa wikang Hapon.

Kailan	Saan	Magkano	Ilang tao
Hunyo 25, 2022 (Sabado) 2:00 pm - 4:00 pm	Ika-2 palapag ng Ota City Omori-Minami Library Multipurpose Room	Libre	Kapasidad 10 katao (reserbasyon)
Paraan ng aplikasyon	Saan ipapadala ang aplikasyon (Makipag-ugnay sa)		
Sa telepono, FAX o library counter	Ota City Omori-Minami Library ☎ 03-3744-8411 FAX 03-3744-8421 Address 〒143-0013 1-17-7 Omori-Minami, Ota-ku		

## Tungkol sa bakuna para sa COVID-19

### ●Tungkol sa pagbabakuna

Nagsasagawa kami ng pagbabakuna sa Ota-ku.

[Mga makakatanggap ng ika-1 at ika-2 pagbabakuna]

- Mga residente ng Ota-ku na 5 taong gulang pataas, at nais magpabakuna

[Mga makakatanggap ng ika-3 pagbabakuna]

- Mga residente ng Ota-ku na 12 taong gulang pataas at nakatapos na sa ika-1 at ika-2 pagbabakuna, at nais magpabakuna

\*Mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota-ku para sa mga pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbabakuna.

### ●Tungkol sa vaccination certificate

Sa Japan, maaaring mapatunayan ang katotohanan ng inyong pagbabakuna gamit ang certificate of vaccination (pansamantala) na nakalakip sa vaccination voucher. Dahil sa rason na iyon, mangyaring ingatan at itabi ng mabuti ang inyong vaccination voucher kahit pagkatapos ninyong matanggap ang pagbabakuna. Gayundin, ang tinatawag na vaccine passport ay iniisyu nang hiwalay sa certificate of vaccination.

### Saan ipapadala ang aplikasyon (Makipag-ugnay sa)

Ota City COVID-19  
Vaccination Call Center  
☎ 03-6629-6342



Ota City COVID-19 Vaccine Multilingual Interpretation Service  
☎ 03-6436-4731\*

\*Sumusuporta ng wikang Ingles, Intsik, Hangul, Portuges, Espanyol, Vietnamese, Tagalog, Nepali, Indonesian, Thai, Russian, Hindi, French



(Alinman mula Lunes - Biyernes: 8:30 am - 5:15 pm \*walang opisina sa Linggo at holidays)

Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

〒144-0052 Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo

☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.